

LUNGSOD NG BREA
KAGAWARAN NG MGA ADMINISTRATIBONG SERBISYO
ADMINISTRATIBONG POLISIYA

Pangkalahatang Paksa: Pagbabayad sa Utility

Numero ng Polisiya:

Partikular na Paksa: Pagputol ng
Residensyal na Serbisyo ng Tubig

Petsa ng Bisa: Pebrero 1, 2020

Petsa na Ipinamahagi: Enero 29, 2020

Nakakopya kay: Cindy Russell, Direktor ng Administratibong mga Serbisyo
Faith Madrazo, Tagapamahala ng Badyet at Kita

PAHAYAG SA POLISIYA

Ang Panukalang Batas ng Senado 998 ay nagpapatibay ng mga gabay para sa pagputol ng residensyal na serbisyo ng tubig dahil sa hindi pagbabayad at hinihiling sa bawat pampublikong sistema ng tubig na may higit sa 200 na mga koneksyon ng serbisyo na magkaroon ng isang nakasulat na polisiya na mababasa sa Ingles, Espanyol, Intsik, Koryano, Tagalog, Vietnamese at anupamang wika na ginagamit ng 10 porsyento o higit pa ng populasyon ng Lungsod. Sinasabi rin nito na ang bawat pampublikong sistema ng tubig ay dapat mag-ulat taon-taon sa website nito at sa Lupon ng Pagkontrol sa mga Pinagkukunan ng Tubig ng Estado ng bilang ng mga pagpuputol ng serbisyo dahil sa hindi pagbabayad. Ang Lupon ng Pagkontrol sa mga Pinagkukunan ng Tubig ng Estado ay dapat na magpaskil ng impormasyong ito sa website nito. Ang Lungsod ay hinihiling na sumunod sa SB 998 ngayong Pebrero 1, 2020

PAHAYAG NG LAYUNIN

Ang polisiyang ito ay tumutukoy sa administratibong mga aksyon ng Lungsod ng Brea para sa pagputol ng residensyal na serbisyo sa tubig. Ang polisiya na ito ay isasapubliko sa website ng lungsod. Ang Lungsod ng Brea ay maaaring makontak sa pamamagitan ng telepono sa (714)990-7687 para matalakay ang mga pagpipilian para maiwasan ang pagputol sa serbisyo sa tubig dahil sa hindi pagbabayad sa ilalim ng mga tuntunin ng polisiyang ito. Kasama sa polisiya ang sumusunod:

- Isang plano para sa pagpapaliban o pagbabawas ng mga pagbabayad
- Alternatibong mga iskedyul ng pagbabayad
- Isang pormal na mekanismo para sa isang mamimili na tumutol o umapela sa isang bayarin
- Isang numero ng telepono ng isang mamimili para makontak para matalakay ang mga pagpipilian para maiwasan ang pagputol ng serbisyo sa tubig

PANGKALAHATANG MGA GABAY

- Ang residensyal na mga serbisyo sa tubig ay hindi puputulin dahil sa hindi pagbabayad hanggang sa ang bayad ng mamimili ay naging delingkuwente sa hindi bababa ng 60 na araw.
- Ipapaalam sa mga mamimili ang mga pagpipilian para sa pagbabayad sa mga delingkuwenteng account.
- Ipapaalam sa mga mamimili ang mga gabay sa pag-apela sa isang bayarin.
- Ang mga mamimili na nagpapakita ng medikal na pangangailangan at matinding kahirapan ay aabisuhan sa mga partikular na mga singil at mga pagpipilian sa alternatibong pagbabayad.

PANGKAGAWARAN NA MGA PANANAGUTAN

- Hindi puputulin ng Lungsod ng Brea ang residensyal na serbisyo dahil sa hindi pagbabayad hanggang sa ang bayad ng mamimili ay naging delingkuwente sa hindi bababa ng 60 na araw. Hindi bababa sa pitong araw na may trabaho bago ang pagputol ng residensyal na serbisyo dahil sa hindi pagbabayad, kokontakin ng Lungsod ng Brea ang mamimili na nakapangalan sa account sa pamamagitan ng sinulat na abiso o telepono.
- Kung kinontak ng Lungsod ng Brea ang mamimili sa account sa pamamagitan ng sinulat na abiso, ang sinulat na abiso ng pagkadelingkuwente sa pagbabayad at nalalapit na pagputol ay ipapadala sa koreo sa tirahan ng kustomer kung saan ang residensyal na serbisyo ay ibinigay o isang tag ang isasabit sa isang kapansin-pansin na lugar sa tirahan. Kung ang address ng mamimili ay hindi ang address ng ari-arian kung saan ang residensyal na serbisyo ay ibinigay, ang abiso ay ipapadala rin sa address ng ari-arian kung saan ang residensyal na serbisyo ay ibinigay, ipapadala sa "Naninirahan."

Kasama sa abiso ay:

- Ang pangalan at tirahan ng mamimili
 - Ang halaga ng pagkadelingkuwente
 - Ang petsa kung saan ang pagbabayad o pagsasaayos para sa pagbabayad ay kinakailangan para maiwasan ang pagputol ng residensyal na serbisyo
 - Isang pagsasalarawan ng proseso sa pag-aplay para sa isang palugit sa pagbayad ng mga delingkuwenteng pagsingil.
 - Isang alok para magbigay ng isang pagsasalarawan ng proseso para sa pagpetisyon sa pagsusuri at pag-apela sa bayarin.
 - Isang alok para magbigay ng isang pagsasalarawan ng proseso kung saan ang mamimili ay maaaring humiling ng isang pagpapaliban, pagbawas, o alternatibong iskedyul sa pagbabayad, kasama ang amortisasyon ng mga delingkuwenteng pagsingil sa residensyal na serbisyo.
- Kung tatawagan ng Lungsod ng Brea ang mamimili sa pamamagitan ng telepono, ang Lungsod ng Brea ay mag-aalok na magbigay sa pamamagitan ng pagsusulat sa mamimili ng Polisiya ng Lungsod ng Brea sa Pagputol ng Residensyal na Serbisyo sa Tubig dahil sa Hindi Pagbabayad. Ang Lungsod ng Brea ay magtatalakay din ng mga pagpipilian para maiwasan ang pagputol ng residensyal na serbisyo dahil sa hindi pagbabayad, kasama ang ngunit hindi limitado sa: alternatibong mga iskedyul sa pagbabayad, pagpapaliban sa mga pagbabayad, pinakamababa na mga pagbabayad, at mga pamamaraan para sa paghiling ng amortisasyon sa hindi nabayaran na balanse, at petisyon para sa pagsuri at pag-apela sa bayarin.
 - Kung hindi magawang makontak ng Lungsod ng Brea ang mamimili o ang isang nasa husto na sa gulang na naninirahan sa tirahan sa pamamagitan ng telepono, at ang sinulat na abiso ay ibinalik sa pamamagitan ng koreo bilang isang hindi maihatid, ang Lungsod ng Brea ay gagawa ng isang magandang kalooban na pagsisikap para bisitahin ang tirahan at mag-iwan sa isang kapansin-pansin na lugar ng abiso sa nalalapit na pagputol ng residensyal na serbisyo dahil sa hindi pagbabayad at ng Polisiya ng Lungsod ng Brea sa Pagputol ng Residensyal na Serbisyo sa Tubig dahil sa Hindi Pagbabayad.
 - Pagkatapos na makatanggap ng isang Pangwakas na Abiso/Abiso sa Pagputol, ang mamimili ay maaaring kumontak sa Kagawaran sa Pababayad ng Utility ng Lungsod ng Brea sa (714) 990-7687 para talakayin ang mga pagpipilian para maiwasan ang pagputol sa residensyal na serbisyo kasama na ang ngunit hindi limitado sa pagpapaliban sa mga pagbabayad kilala rin bilang mga

ekstensyon sa pagbabayad, alternatibong mga iskedyul sa pagbabayad na maaaring magsama sa pinakamababa na mga pagbabayad at amortisasyon na kilala rin bilang mga pagsasaayos ng pagbabayad.

1. **Ekstensyon sa Pagbabayad ng Bayarin**

- a. Ang sinumang mamimili na nakakatanggap ng isang Abiso sa Pagputol kilala rin bilang isang Hang Tag at hindi kayang magbayad sa itinakdang petsa ay maaaring humiling ng isang Ekstensyon sa Pagbabayad. Ang ekstensyon sa pagbabayad ay magpapahintulot sa paghati sa hindi nabayarang balanse sa hindi lalampas ng dalawang pagbabayad na ang pangalawang, pangwakas na pagbabayad ng hindi nabayarang balanse ay dapat bayaran sa ika-15 na araw ng susunod na buwan.
- b. Kung karagdagang panahon ay kinakailangan para mabayaran ang halaga ng bayarin, ang mamimili ay maaaring mag-aplay para sa isang alternatibong pagsasaayos ng pagbabayad tulad ng isinalarawan sa ibaba.

2. **Alternatibong Pagsasaayos ng Pagbabayad** - Ang sinumang mamimili na hindi kayang makapagbayad para sa serbisyo sa tubig sa ika-60 na araw pagkatapos na ipalabas ang bayarin, ay maaaring humiling ng isang alternatibong pagsasaayos ng pagbabayad para maiwasan ang pagkaantala ng serbisyo. Sa pagsunod sa SB 998, isasaalang-alang ng Lungsod ng Brea ang lahat ng mga sitwasyon na pumapalibot sa kahilingan at tutukuyin kung ang isang alternatibong paraan ng pagbabayad ay naaangkop.

a. Sertipikasyon ng isang Pangunahing Tagapagbigay ng Pangangalaga

Ang sertipikasyon ng isang Pangunahing Tagapagbigay ng Pangangalaga, Pangkalahatang Praktisyoner, Obstetrician/Gynecologist, Pedyatrisyan, Family Practice na Manggagamot, Pangunahing Pangangalaga na klinika, Ospital, o Outpatient na Klinika na nagpapatunay na ang pagkaantala sa serbisyo ay magsasapanganib sa buhay o isang malubhang banta sa kalusugan at kaligtasan ng sinumang residente sa ari-arian kung saan ang serbisyo sa tubig ay ibinigay ay mag-oobliga sa Lungsod na pumasok sa isang plano ng paghahati-hati ng pagbabayad.

b. Walang Kakayahang Pinansiyal para Magbayad

Nagpapakita ang kustomer na siya ay walang kakayahang pinansiyal para magbayad para sa residensyal na serbisyo sa loob ng normal na siklo ng pagbabayad ng sistema sa tubig. Ang kustomer o sinumang miyembro ng sambahayan ng mamimili ay kasalukuyang tagatanggap ng CalWORKs, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, Karagdagang Seguridad na Kita/Karagdagang Pagbabayad na Programa ng Estado, o Espesiyal na Karagdagang Nutrisyon na Programa ng California para sa mga Kababaihan, mga Sanggol at mga Bata; o ang mamimili ay nagdeklara na ang taunang kita ng sambahayan ay mababa kaysa sa 200% ng pederal na antas ng kahirapan.

c. Alternatibong Iskedyul sa Pagbabayad

Mga pagsasaayos ng pagbabayad na umaabot sa susunod na yugto ng bayarin ay itinuturing na isang plano ng amortisasyon, na kilala rin na isang Plano sa Pagbabayad. Ang isang plano ng amortisasyon ay maghahati-hati ng hindi nabayaran na balanse sa mga nakatakdang pagbabayad sa isang yugto, na hindi lalampas ng 12 na buwan mula sa

petsa ng naaprubahan na plano ng pagbabayad. Ang Lungsod ng Brea ay maaaring maggawad ng isang mas mahabang yugto ng pagbabayad kung makita nito na ang mas mahabang yugto ay kinakailangan para maiwasan ang labis na paghihirap ng mamimili batay sa mga sitwasyon ng indibiduwal na kaso.

Ang hinati-hati na mga pagbabayad ay sisingilin sa buwan-buwan na batayan. Dapat na sumunod ang mamimili sa mga tuntunin ng plano ng amortisasyon at manatiling nagbabayad sa kasalukuyan dahil ang mga singil ay naiipon sa bawat kasunod na yugto ng bayarin. Ang pagkabigo sa pagsunod sa mga tuntunin ng isang plano ng amortisasyon ay magrerresulta sa pagpapalabas ng sinulat na abiso sa pagputol.

- **Panunumbalik ng Serbisyo sa Tubig**

Kapag ang residensyal na serbisyo sa tubig ay pinutol dahil sa hindi pagbabayad, ang Lungsod ng Brea ay magbibigay sa mamimili ng impormasyon sa kung papaano mapanumbalik ang residensyal na serbisyo.

- Ang residensyal na mga serbisyo sa tubig ay mapapanumbalik pagkatapos ng lahat ng mga nakaraang singil sa tubig, delingkuwenteng mga singil sa serbisyo, deposito ng mamimili, at pagputol/pagkonektang muli na mga singil sa serbisyo ay nabayaran nang buo. Ang pagputol/pagkonektang muli na singil sa serbisyo ay naaangkop kapag ang tubig ay pinutol dahil sa hindi pagbabayad. Ang pagputol/pagkonektang muli na mga singil sa serbisyo ay naaangkop para mabayaran ang administratibong mga gastos sa serbisyo ng Lungsod. Ang pagputol/pagkonektang muli na mga singil sa serbisyo ay hindi lumalampas sa administratibong gastos na nagastos. Ang kasalukuyang singil sa pagputol/pagkonektang muli ay \$65.00. Para sa isang residensyal na mamimili na nagpapakita ng kita ng sambahayan na mababa sa 200 porsiyento ng linya sa pederal na antas ng kahirapan, parehong gagawin ng Lungsod ng Brea ang sumusunod:
 - Magtatakda ng singil sa pagkonektang muli ng serbisyo para sa pagkonektang muli sa normal na mga oras ng trabaho na limampung dolyar (\$50), ngunit hindi lalampas sa aktwal na halaga ng pagkonektang muli kung ito ay mas mababa. Ang mga singil sa pagkonektang muli ay sasailalim sa isang taunang pag-aadjust para sa mga pagbabago sa Consumer Price Index simula sa Enero 1, 2021. Ang kasalukuyang singil para sa pagkonektang muli sa normal na mga oras sa trabaho ay \$65.00 sa bawat mga Singil sa Gumagamit na pinagtibay noong Agosto 21, 2018.

Para sa pagkonektang muli ng residensyal na serbisyo sa mga oras na walang trabaho, ang singil sa pagkonektang muli ay itatakda sa isang daan at limampung dolyar (\$150), ngunit hindi lalampas sa aktwal na halaga ng pagkonektang muli kung ito ay mas mababa. Ang mga singil sa pagkonektang muli ay sasailalim sa isang taunang pag-aadjust para sa mga pagbabago sa Consumer Price Index simula sa Enero 1, 2021.

- Pag-uurong sa delingkuwenteng singil sa mga delingkuwenteng bayarin isang beses sa bawat 12 na buwan.

Ituturing ng Lungsod ng Brea ang isang residensyal na mamimili na may kita ng sambahayan na mababa sa 200 porsiyento ng linya ng pederal na antas ng kahirapan kung ang sinumang miyembro ng sambahayan ng mamimili ay kasalukuyang tagatanggap ng CalWORKs, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, Karagdagang Seguridad na Kita/Karagdagang Pagbabayad na Programa ng Estado, o Espesiyal na Karagdagang Nutrisyon na Programa ng California para sa mga Kababaihan, mga Sanggol at mga Bata; o ang mamimili ay nagdeklara na ang taunang kita ng sambahayan ay mababa kaysa sa 200 porsiyento ng pederal na antas ng kahirapan.

- Para sa mga Residensyal na mga Nangungupahan/Naninirahan sa isang Tirahan na may Indibidwal na Metro:
 - Ang Lungsod ng Brea ay gagawa ng isang makatuwirang, magandang kalooban na pagsisikap para ipaalam sa mga naninirahan, sa pamamagitan ng isang sinulat na abiso na isinabit sa pintuan ng tirahan, kapag ang account ng serbisyo sa tubig ay may pagkakautang at sasailalim sa pagkaantala nang hindi bababa sa 7 araw bago ang serbisyo sa tubig ay puputulin. Ang sinulat na abiso ay magpapayo sa nangungupuhan/naninirahan na sila ay may karapatan na maging mga mamimili ng Lungsod na hindi hinihiling sa kanila na magbayad sa halaga na babayaran sa delingkuwenteng account, sa kondisyon na sila ay handang umako sa pinansiyal na pananagutan para sa susunod na mga pagsingil para sa serbisyo sa tubig sa address na iyon. Para mai-urong ang halaga na babayaran sa delingkuwenteng account, ang nangungupuhan/naninirahan ay dapat na magbigay ng beripikasyon ng paninirahan sa anyo ng isang kasunduan sa pangungupa o patunay ng mga pagbabayad ng upa.

Pag-apela sa Bayarin

Kung ang isang nakatatanda sa tirahan ay umapela sa bayarin sa tubig sa Sangay ng Pagbabayad sa Utility sa Lungsod ng Brea o sa Direktor ng Administratibong mga Serbisyo, hindi puputulin ng lungsod ang residensyal na serbisyo habang ang apela ay nakabinbin. Para umapela o tumutol sa mga singil sa tubig sa isang bayarin sa utility, ang mamimili ay gagawa ng isang sinulat na abiso sa pamamagitan ng email o regular na sulat tungkol sa kanilang layunin na umapela at ang dahilan sa pag-apela. Ang sinulat na abiso ay dapat na i-email sa waterbilling@cityofbrea.net o sa pamamagitan ng regular na sulat sa: City of Brea, Attention: Administrative Services Director, 1 Civic Center Circle - ika-3 na palapag, Brea, CA 92821.

Pag-uulat na Iniutos ng Estado

Luulat ng Lungsod ng Brea ang bilang ng taunang mga pagputol ng residensyal na serbisyo dahil sa walang kakayahang magbayad sa website ng lungsod sa www.cityofbrea.net at sa Lupon ng Pagkontrol sa mga Pinagkukunan ng Tubig ng Estado.